**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## IV. PAANO HAHARAPIN ANG MGA THREATS PARA SA MAGANDANG KINABUKASAN

Mahalaga na alam ng kabataang tulad mo ang mga threats na kakaharapin o hinaharap mo at kung saan ito nagmumula. Malaking advantage din na nauunawaan mo na ikaw ay nahaharap sa isang labanan araw-araw upang magawa mo kung ano ang tama. Kailangan na matuto kang manindigan sa kung ano ang **totoo** (sang-ayon sa salita ng Diyos), **mabuti** (nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos) at **tama** (sang-ayon sa kalooban ng Diyos) upang maging matagumpay sa threats na hinaharap at kakaharapin.

Isang paraan upang ikaw ay magtagumpay ay ang matuto ng opensa (play offense). Ang salitang *offense* ay nangangahulugan na isang aksyon o pagkilos ng pag-atake sa isang tao o bagay. Dahil natutuhan mo na mahalaga ang depensa, ang paghahanda naman na unahan na o maging pro-active bago pa atakihin ng threat ay paraan upang sila ay kusa ng iwasan ng mga kalaban na isang paraan din kung paano mapapagtagumpayan ang mga threats na ito.

**TIME OUT**

Pakikipag-away ba ang kahulugan ng *offense* sa *paragraph* na nabasa? Ano ang pagkaunawa mo sa salitang ito?

________________________________________________

Ano ang layunin kung bakit kailangan matuto ng opensa ang kabataang tulad mo?

________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Mateo 5:13-16**
"Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao? Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit."

*"You are the salt of the earth, but it salt has lost its taste, how shall its saltiness be restored? It is no longer good for anything except to be thrown out and trampled under people's feet. You are the light of the world. A city set on a hill cannot be hidden. Nor do people light a lamp and put it under a basket, but on a stand, and it gives light to all in the house. In the same way, let your light shine before others, so that they may see your good works and give glory to your Father who is in heaven."*

**1 Pedro 5:8**
Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa.

*Be sober-minded; be watchful. Your adversary the devil prowls around like a roaring lion, seeking someone to devour.*

**Filipos 4:8**
Lagi ninyong isaisip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.

*Whatever is true, whatever is honorable, whatever is just, whatever is pure, whatever is lovely, whatever is commendable, if there is any excellence, if there is anything worthy of praise, think about these things.*

**1 Corinto 10:31**
Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.

*So, whether you eat or drink, or whatever you do, do everything for the glory of God*

1. Ano ang gamit ng asin at ilaw sa unang talatang nabasa?

   ______________________________________________________________

2. Saan hinahalintulad ang ilaw na nakalagay sa isang patungan na binanggit sa unang talata?

   ______________________________________________________________

3. Ayon sa 1 Peter 5:8, anong attitude ang dapat mayroon ka upang hindi maatake ng diyablo?

   ______________________________________________________________

4. Sa iyong nabasa sa Filipos 4:8, ano ang dapat na laman ng iyong isip?

   ______________________________________________________________

5. Ayon sa 1 Corinto 10:31, ano ang dapat na motibo mo sa anumang iyong ginagawa?

   ______________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Kung mayroong nagsasabi na ang nagpapapanalo sa larong basketball ay good defense, mayroon din naman nagsasabi na the best defense is a good offense. Ibig sabihin, maski anong galing ng isang defensive player, hindi niya kayang bantayan ang dalawang offensive players. Kaya ang magaling na offense ay yung mayroong nakakalibreng player para maka-shoot. Kaya

ang isang offensive player na magaling maka-spot ng open na player o magaling mag-screen ay valuable.

Ang isang offense ay nangangailangan ng active participation meaning gumagawa ka ng paraan upang ang isang bagay ay maging possible.

Ang pagiging asin at ilaw ay may kinalaman sa pagpapakita sa iyong kapaligiran ng mga mabubuting gawa na pinagkaloob ng Diyos na iyong gawin. Hindi mo ito tinatago bagkus ito ay ipanapaalam mo sa salita at sa gawa. Kaya naman magiging mahirap para sa kaaway na ikaw ay hikayatin na gumawa ng mali.

Magbigay ng isang halimbawa ng mabuting gawa na pinagkaloob ng Diyos na iyong isinasakatuparan.

Ang isang taong mapagmasid at alerto ay hindi basta-basta maiisahan ng kalaban. Sa pamamagitan nito madali mong mapapansin kung ikaw ay tinutukso o inimpluwensyahan na at madali kang lumalayo at umiiwas bago ka pa madala. Gaya ng nabanggit sa 1 Pedro 5:8 ang diyablo ay nag-aabang lang at naghahanap ng kabataang walang paghahanda sa sarili at *distracted* upang mabilis na maloko o maimpluwensyahan.  Tandaan na ang kadalasang ginagamit ng diyablo sa ganitong pagkakataon ay ang iyong kahinaan.

Saang pagkakataon ka dapat na maging mapagmasid at alerto para hindi maisahan ng diyablo? Magbigay ng specific na halimbawa ng iyong kahinaan na maaaring gamitin ng diyablo sa iyo.

*You are what you think.* Kung ano ang laman ng isip mo ito ay kapansin-pansin sa iyong pananalita at pagkilos. Kung ang nasa isip mo ay purong kabutihan, ito ang lalabas sa iyo. Ngunit kung kasamaan naman, ito rin ang lalabas sa iyong pananalita at makikita sa iyong mga kilos. Dahil may *battle* palagi at ito ay nagsisimula sa isip, mahalaga na ang nilalaman nito ay purong katotohanan. Lamnan mo ito ng salita ng Diyos, ito ang *best offense* na magagawa mo dito.  At ang magiging bunga nito ay magaling ng depensa sa mga pagsubok gamit ang salita ng Diyos.

Anong salita ng Diyos ang lagi mong nasa isip na pinaniniwalaan at pinanghahawakan mo na siyang kagamit-gamit tuwing may pinagdadaanan kang pagsubok?

Ang motibo kung bakit mo ginagawa ang isang bagay o ang iyong sinasabi at kinikilos ay nananahan sa puso. Hindi man nakikita ng ibang tao any iyong motibo, ito naman ay hindi mo maililihim sa Diyos. Alam niya ang laman ng puso mo. Kaya naman isang offensive play na magagawa mo upang labanan ang makasariling naisin o kalikasan ay laging isipin na bigyan kasiyahan ang Diyos sa lahat ng iyong gagawin.

Sinusuri mo ba ang iyong motibo bago mo gawin ang isang bagay? Paano mo ginagawa ito?

Ang mga sumusunod ay ilang payo lamang para makapag-develop ng good offense:

- Mag-research sa internet o sa youtube patungkol sa masasamang epekto ng drugs at i-post ito sa iyong social media account.
- Pumunta sa barangay hall upang makahingi ng mga tracts laban sa illegal drugs, at ipamigay ito sa mga kakilala at sa mga kabataan sa barangay.
- Makipagkilala sa mga kabataang may layunin ding makatulong sa pagpuksa ng lagim na ikinakalat ng illegal drugs.
- Makipag-communicate sa mga NGOs, at mag-usisa kung paano makatutulong sa transformation ng barangay.
- Magpakilala sa barangay council na ikaw ay isang good citizen at transformation agent.

Handa ka na bang maging pro-active na gumawa ng mga hakbang upang mapatatag ang iyong offensive strategy upang hindi ka mapabagsak ng mga hinaharap o kakaharapin mong threats sa buhay?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang good offense sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Lagi ninyong isaisip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.

**Filipos 4:8**